
Vol.02
Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2019.7

## Proyekto para sa Paggunita sa Deklarasyon bilang Lungsod ng Kapayapaan ng Ota City
## "Firework Festival"

Sa Ota City, ipinagdiriwang ang "Firework Festival" nang may hangarin na makamit ang kapayapaan. Sa pagkakataong ito, mga 5,000 na paputok ang ilulunsad.



### Kailan

**Ika-15 ng Agosto, Huwebes,**
**6:00 ng hapon – 8:10 ng hapon**

*Ang paglulunsad ng mga paputok ay mula 7:30 ng hapon hanggang 8:10 ng hapon

*Hindi matutuloy kung masama ang panahon.

### Programa

**Attraction**

- **Jazz: Kenichi Sonoda and Dixie Kings**
- **Japanese taiko/wadaiko: Ota City Taiko Federation**

**Peace Memorial Ceremony**

**Paglulunsad ng mga paputok (Mga 5,000 na putok)**

### Transportasyon

- Mga 5 minutong lakad mula sa Keikyu Line "Rokugodote" Station
- Mula sa west exit ng Kamata Station, sumakay sa Tokyu Bus na papuntang "Rokugodote" at bumaba sa "Rokugodote". Mga 3 minutong lakad mula rito.

*Ayon sa schedule, may pabalik na bus mula sa "Takahata Elementary School" mula 5:00 hanggang 10:00 ng hapon

- Mula sa east exit ng Kamata Station, sumakay sa Keikyu Bus na "papuntang Hanedashako (via Rokugobashi)" at bumaba sa "Rokugobashi". Mga 7 minutong lakad mula rito.

*Hindi maaaring pumunta sa pamamagitan ng kotse. Bukod dito, may limitasyon sa paradahan ng mga bisikleta sa loob ng venue kaya lakarin o gumamit ng pampublikong transportasyon.

### Saan

Tamagawa Riverbed (malapit sa 4 Chome Nishirokugo)

*Magdala ng panlatag at payong/kapote sa araw na ito.

### Para sa mga katanungan

Tagapamahala ng Cultural Projects ng Cultural Promotion Division

☎ 03-5744-1226　FAX 03-5744-1539

*Mula ika-14 hanggang ika-15 ng Agosto, gamitin ang sumusunod na eksklusibong telepono.

☎ 0180-99-3838

## Bakasyon ng Tag-init Museum/Memorial Museum Quiz Rally

**Magkakaroon ng quiz rally sa mga museum/memorial museum ng Ota City. Maaliw rito habang tinutuklas ang kultura at sining. Ang mga kalahok ay bibigyan ng mga Hanepyon sticker na para lamang sa quiz rally. Bukod dito, may mananalo ng souvenir mula sa mga aplikante sa pamamagitan ng palabunutan.**

**Sino**

Magulang at anak na nag-aaral sa elementarya o junior high school sa loob ng Ota City

**Kailan**

Ika-20 ng Hulyo (Sabado) – ika-25 ng Agosto (Linggo)

**Saan**

●Folk Museum ●Omori Nori-no-furusato Museum ●Ryushi Memorial Museum ●Kumagai Tsuneko Memorial Museum ●Sanno Sodo Memorial Museum ●Ozaki Shiro Memorial Museum ●Tamagawadai Park Kofun Tomb Exhibition Room ●Charcoal Gallery ●Igarashi Kenji Memorial Dry Cleaning & Laundry Museum ●Museum of Life in the Showa Era

10 museum sa kabuuan

Para sa mga katanungan

Tagapamahala ng Cultural Projects ng Cultural Promotion Division
☎ 03-5744−1226 FAX 03-5744−1539

## Paunawa tungkol sa Premium Gift Voucher

**Dahil sa pagtaas ng consumption tax, para sa mga taong exempted sa resident tax at sambahayan na may pinapalaking bata, magtitinda ng premium gift voucher na magagamit sa shopping na katumbas ng halagang 25,000 yen sa maximum na halagang 20,000 yen.**

Mga taong naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon (maaaring higit sa isa)

- Taong exempted sa resident tax para sa fiscal year 2019 (hindi kabilang dito ang taong tumatanggap ng public assistance atbp., asawa/dependent na nakikibahagi sa kabuhayan ng isang taxpayer, at full-time union officer)
- Householder ng sambahayan na may batang ipinanganak sa loob ng ika-2 ng Abril 2016 – ika-30 ng Setyembre 2019




**Kailan**

Panahon ng pagtitinda ng gift voucher: Ika-24 ng Setyembre 2019 – ika-31 ng Enero 2020

Panahon ng paggamit ng gift voucher: Ika-1 ng Oktubre 2019 – ika-29 ng Pebrero 2020

**Paraan ng aplikasyon**

Sa katapusan ng Hulyo, magpapadala ng application form sa mga taong exempted sa buwis na inaasahang aangkop sa mga nabanggit na kondisyon.

Mula kalagitnaan ng Setyembre, magpapadala ng purchase exchange ticket sa mga sambahayan na may pinapalaking bata at mga taong exempted sa buwis na nagpadala ng application form.

**Pagpapasahan ng aplikasyon**

Dalhin ang purchase exchange ticket at dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan, at bumili ng gift voucher sa mga post office sa loob ng Ota City.

Para sa mga katanungan

Ota City Premium Gift Voucher Office
☎ 03-5744-1358
FAX 03-5744-1528

## Patungo sa Pagpuksa ng Passive Smoking sa Ota City
## ~Sa pamantayan, ipagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali tulad ng kainan, inuman, atbp.~




**Mula ika-1 ng Abril 2020, sa pamantayan, ipagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali.**

Mula ika-1 ng Setyembre 2019, ang mga kainan at inuman ay oobligahin na ipakita sa harapan nito ang detalye tungkol sa paninigarilyo sa loob, tulad ng "Bawal manigarilyo", "May kuwartong para lamang sa naninigarilyo", atbp. Pinaplanong magpadala nang sunud-sunod ng mga pamphlet, sign sticker, atbp. sa mga kainan at inuman sa loob ng Ota City mula Agosto.

Para sa mga detalye, pakitingnan ang Ota City website.

QR code

Para sa mga katanungan

Tagapamahala ng Health Care Management ng Health Care Management Division
☎03-5744-1661 FAX 03-5744-1523

## Gamitin ang app ng Ota City para sa paghihiwalay ng basura


**Sinimulan ang libreng app para sa smartphone noong Nobyembre 2017. Marami itong kumbenyenteng gamit tulad ng kalendaryo ng pagbabasura at pagkumpirma ng basurang hindi alam sa diksyunaryo para sa paghihiwalay ng basura, alert function kung saan makakatanggap ng notification bago o sa mismong araw ng pangongolekta ng basura, kaya't tiyak na gamitin ito.**

Maaaring i-download ang app sa "App Store" o kaya ay i-search ang "paghihiwalay ng basura sa Ota City (*Ota-ku gomi bunbetsu*)" sa "Google Play".

**QR code ng app ng Ota City para sa paghihiwalay ng basura (sa wikang dayuhan)**

Para sa iPhone

Para sa Android




Para sa mga katanungan

Tagapamahala ng Collection and Recycling ng Sanitation Division
☎ 03-5744-1628　FAX 03-5744－1550

## Pagsasauli ng Medikal na Gastos pagkatapos Mawalan ng Kwalipikasyon sa Pambansang Segurong Pangkalusugan

**Kapag sumapi sa segurong pangkalusugan ng lugar na pinagtatrabahuhan o kaya ay lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, siguraduhin na magpasa ng dokumento para itigil ang Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Ota City at isauli ang health insurance card ng Ota City.**

Kapag sumapi sa segurong pangkalusugan ng lugar na pinagtatrabahuhan o kaya ay lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, mawawalan ng kwalipikasyon na gamitin ang Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Ota City mula sa araw na sumapi sa ibang segurong pangkalusugan o araw na lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, kaya hindi na maaaring gamitin ang health insurance card ng Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Ota City.

Kapag ginamit ang health insurance card ng Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Ota City sa pagpapatingin sa medikal na institusyon sa panahon na hindi kwalipikado, kailangang isauli ang medikal na gastos na pinasan ng Ota City (70~90 porsiyento ng kabuuang medikal na gastos) at isingil ito sa segurong pangkalusugan atbp. kung saan sariling sasapi. Kapag magpapatingin sa medikal na institusyon bago maisyuhan ng bagong health insurance card, kumonsulta sa segurong pangkalusugan atbp. na sasapihan at ipaalam din sa counter ng medikal na institusyon na nasa kalagitnaan pa ng proseso ang bagong health insurance card.

Para sa mga katanungan

National Health Insurance Benefit Section ng National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744－1211　FAX 03-5744－1516

## Tungkol sa Deadline ng Pagbabayad ng Resident Tax

Ang deadline ng pagbabayad para sa karaniwang pangongolekta ng Special Municipal Resident Tax / Metropolitan Resident Tax (Resident Tax) para sa fiscal year 2019 ay ika-1 ng Hulyo, ika-2 ng Setyembre, ika-31 ng Oktubre, at ika-31 ng Enero 2020.

Ang deadline para sa ika-2 bahagi ay ika-2ng Setyembre, kaya't mangyari lamang na bayaran ito bago ang deadline.

Ang deadline para sa pagbabayad ng light vehicle tax (light vehicle / motorsiklo) ay noong ika-31 ng Mayo. Kung hindi pa nakapagbayad, magbayad na sa lalong madaling panahon. Maaari ring gumamit ng bank account transfer para hindi makalimutan ang pagbabayad. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa amin.

Para sa mga katanungan

Tagapamahala ng Tax Collection Promotion ng Tax Payment Division
☎03-5744－1205　FAX 03-5744－1517

# Japanese Class para sa Baguhan



**Ang kursong ito ay para sa mga baguhan sa pag-aaral ng wikang Hapon.**

| | |
|---|---|
| **Mga pag-aaralan** | • Pakikipag-usap para sa pamumuhay sa Japan (munisipyo, ospital, post office, bangko, tren, pamimili, wikang Hapon para sa oras ng sakuna at emergency at paraan ng pagtugon (paggamit ng AED) atbp.)<br>• Hiragana, Katakana |
| **Sino** | Mga dayuhan na 16 taong gulang pataas at nakatira/nagtatrabaho/nag-aaral sa Ota City |
| **Kailan** | Tuwing Linggo 1:00 ng hapon – 3:00 ng hapon (9 beses sa kabuuan)<br>Ika-4, 11, 18, 25 ng Agosto, ika-1, 8, 15, 22, 29 ng Setyembre 2019 |
| **Saan** | Consumer Center (Kamata 5-13-26)<br>1st floor mics Ota Classroom |
| **Magkano** | 1,500 yen (bayarin sa textbook at materyales) |
| **Ilang tao** | Unang 20 katao |

**Paraan ng aplikasyon**

Mag-apply mula sa website o consultation counter sa iba't ibang wika.

**https://www.ota-goca.or.jp/japaneseclass/**

**QR code**

**Para sa mga katanungan**

(General Incorporated Foundation)
Global City Ota Cooperation Association
Email:mail@ota-goca.or.jp
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982

# Napagdesisyunan na ang "Global City Ota Ambassador (*Ku-ru Ota-ku Taishi*)" ng fiscal year 2019!

- Noong ika-20 ng Hunyo, nakiusap kami sa 28 tao mula sa Amerika, Tsina, Turkey, Indonesia, Sweden, Pilipinas, Taiwan, Italy, Paraguay, Vietnam at Thailand upang tanggapin ang trabaho bilang "ambassador"!
- Ipapakilala ng mga "Global City Ota Ambassador (*Ku-ru Ota-ku Taishi*)" sa inyo at sa mundo ang mga mabubuti at magagandang bagay tungkol sa Ota City at mga masasayang kaganapan!
- Pakitingnan din ang pahinang "Global City Ota" sa Ota City website!

**(http://www.city.ota.tokyo.jp/kokusaitoshi/index.html)**




**Para sa mga katanungan**

Para sa mga katanungan
Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

**Ang "Ota City Navigation" ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation Association mula fiscal year 2019.**

Inilathala ng: (General Incorporated Foundation) Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F
☎03-6410-7981　FAX03-6410-7982　URL https://www.ota-goca.or.jp/

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.
**Email : info@ota-goca.or.jp**